Misyon ng OMIG

Ang misyon namin ay pahusayin ang integridad ng programang Medicaid ng Estado ng New York sa pamamagitan ng pagpigil at pagtukol sa mapanloko, mapang-abuso, at mapag-aksayang kagawian sa loob ng programang Medicaid at pagbawi ng pondo ng Medicaid na maling ginasta, habang tinataguyod ang de-kalidad na pag-aalaga sa pasyente.

Itinaguyod ang Office of the Medicaid Inspector General (OMIG) bilang independiyenteng entidad sa loob ng New York State Department of Health para mapabuti at mapreserba ang integridad ng programang Medicaid sa pagsasagawa at pagkokoordina ng panloloko, pag-aaksaya, at pang-aabuso ng mga pangkontrol na aktibidad para sa lahat ng mga ahensiya ng estado na responsable para sa mga serbisyo na pinondohan ng Medicaid.

Sa pagsasagawa ng misyon nito, nagsasagawa ang opisina at namamahala ng lahat ng mga pagsusumikap sa prebensiyon, deteksiyon, audit, at imbestigasyon at kinokoordina ang mga nasabing aktibidad sa iba't ibang ahensiya ng Estado. Bilang karagdagan, malapitang nagtatrabaho ang OMIG sa Medicaid Fraud Control Unit (MFCU) ng Attorney General at nagtatrabaho para palakasin ang mga pakikipagsosyo sa pederal at lokal na mga ahensiya sa pagpapatupad ng batas. Tinutulungan ng mga MWBE ang OMIG na makamit ang misyon nito.

Matutulungan mo ang OMIG Fight Fraud
Toll-Free Hotline—877-87FRAUD

NEW YORK STATE OF OPPORTUNITY. Office of the Medicaid Inspector General

State of New York

Kathy Hochul, Governor

Office of the Medicaid Inspector General

Frank T. Walsh, Jr.,
Acting Medicaid Inspector General

OMIG MWBE Administration Team

Géza Hrazdina
Deputy Medicaid Inspector General
518.408-5787

Kyle Schuttenberg
Chief Budget Analyst
518.402.1832

Edwin Lake
Contract Management Specialist 2
518.408.5996

Paul Ely
Associate Budgeting Analyst
518.408.0439

Aming Mailing Address:
Office of the Medicaid Inspector General
800 North Pearl Street
Albany, NY 12204

Dedikadong Procurement Email:
procurements@omig.ny.gov

Abutin ang OMIG sa web:
omig.ny.gov

NEW YORK STATE OF OPPORTUNITY. Office of the Medicaid Inspector General



Pagbuo ng Mga Oportunidad para sa mga MWBE

Naninindigan ang OMIG sa Pagbibigay ng Mga Oportunidad sa Mga Certified MWBE

Alinsunod sa Executive Order 8 ng Gobernador, naninindigan ang Office of the Medicaid Inspector General (OMIG) na magbigay sa mga Minority-Owned and Women-Owned Business Enterprises (mga MWBE) ng mga oportunidad para ibenta ang kanilang mga produkto at serbisyo sa New York, ayon sa batas at mga regulasyon ng Estado.

Ang proseso sa pagbili ng Estado ay nakatulong sa pagsuporta sa misyon ng OMIG at mahalagang operasyon at mga aktibidad ng ahensiya.

Bawat taon, nakikipagkontrata ang OMIG sa mga pribadong pribadong sektor na mga kompanya para sa mga produkto at serbisyo gamit ang mga nais na pagkukunan, mga centralized na kontrata ng Office of General Services, pati na ang mga diskresyonaryong kontrata, para makakuha ng mga kailangang commodity, teknolohiya at mga serbisyo.

Mga Oportunidad sa OMIG

Pumunta sa website ng OMIG at abisuhan ang OMIG sa interes ng kompanya mo sa pagtanggap ng mga oportunidad sa pag-bid. Kumpletuhin ang "Vendor Registration for Bidder Notification" sa: https://omig.ny.gov/about-us/procurement-opportunities

Kapag nagkaroon ng oportunidad sa pag-bid na nakatutugon sa pamantayang napili mo sa form, aabisuhan ka ng OMIG sa oportunidad na iyon sa pamamagitan ng email.

Paano Maging MWBE Certified

Isang aplikasyon para isumite para sa lahat ng tatlong mga programang sertipikasyon ng MWBE

Nagtulungan ang Empire State Development (ESD), New York City Small Business Services, at Port Authority ng New York at New Jersey para gawing mas madali ang prosesong sertipikasyon ng MWBE. Makakapagsumite na ngayon ang mga vendor ng isang aplikasyon para sa llahat ng tatlong programang sertipikasyon ng MWBE.

Kumpletuhin ang *bagong* "One Stop Standard" na aplikasyon sa sertipikasyon ng MWBE, at isumite ang form kasama ng lahat ng mga pangsuportang dokumentasyon sa Empire State Development.

Kung kuwalipikado, ang aplikasyon mo ay ipapasa sa NYC Small Business Services at Port Authority ng NY at NJ para sa MWBE na Sertipikasyon.

Huwag kalimutang kumpletuhin ang nakalakip na addenda para sa bawat programa, at ilaan ang lahat ng kailangang pangsuportang dokumentasyon. Ang kumpletong mga tagubilin ay nasa aplikasyon at addenda sa likod ng aplikasyon.

Maaari mong i-download ang aplikasyon mula sa website ng ESD sa www.esd.ny.gov/MWBE.html

Mga Karagdagang Dulugan ng MWBE

Website ng Mga Serbisyong Procurement ng OMIG –

Kasama ang partikular sa OMIG na impormasyon para sa mga seller at partikular na mga oportunidad sa pag-bid: www.omig.ny.gov/about-us/procurement-opportunities

OGS and ESD Guide to Doing Business with New York State – Isang komprehensibong patnubay para tulungan ang mga may-ari ng negosyong maunawaan ang mga kasanayan sa pagbili ng Estado, kilalanin ang mga oportunidad sa pag-bid, at makahanap ng mga dulugan para sa teknikal na tulong: https://nyspro.ogs.ny.gov/content/doing-business-new-york-state-0

New York State Contract Reporter – Isang online na publication, araw-araw ina-update, kung saan ang mga oportunidad sa pag-bid ng Estado ay naka-advertise: www.nyscr.ny.gov

Small Business Development Centers – Ang nonprofit na organisasyong ito ay nagbibigay ng saklaw ng teknikal na tulong sa nagnanais at umiiral na malilit na negosyo sa New York State: www.nyssbdc.org

Directory of Commodities and Services Frequently Purchased by New York State Agencies – Ang direktoryong ito ay nagbibigay ng listahan ng mga oportunidad sa procurement sa Estado ng New York: www.osc.state.ny.us/reports/fiscal/directorycommodities.pdf

NEW YORK STATE OF OPPORTUNITY. | Office of the Medicaid Inspector General